Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY BAGUMBAYAN NOONG IKA-17 NG MAYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ Pang. Punong Bayan
Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 214 -T'2000

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. MAGDALENO PALACOL, JR., KAGAWAD, SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NG LAGUNA, NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG ISANG UNIT NG MINI DUMP TRUCK.

**SAPAGKA'T,** ang isa sa mga programa ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ay ang pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran;

**SAPAGKA'T,** ang kalinisan ay matatamo sa pamamagitan ng maayos at epektibong pagtatapon o pangongolekta ng basura;

**SAPAGKA'T,** hindi sapat ang bilang ng mga sasakyang panghakot ng basura sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang ipambili ng naturang sasakyan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Bernardo E. Ison at Florencio C. Odejar at sa buong-pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN :** Na mapitagang humiling sa Kgg. Magdaleno Palacol, Jr., Kagawad, Sangguniang Panlalawigan, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng isang unit ng mini dump truck.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Magdaleno Palacol, Jr., Kagawad, Sangguniang Panlalawigan; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pangkalahatang Paglilingkod, Pambayang Inhinyero at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasaaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan